KINDERGARTEN

Public education
**Discover a world of opportunities**

# AGHAM: PAG-AARAL SA TAHANAN

## AGHAM SA TAHANAN

**Magkunwari na kayo ay isang dalub-agham (scientist)**

Madaling maging dalub-agham – tatlong simpleng bagay ang kailangan ng inyong anak:

1. Isang mausisang pag-iisip: Palakasin ang loob ng inyong anak na mag-usisa tungkol sa lahat ng nasa paligid niya – kapag ginawa niya ito, magiging kahanga-hangang batang dalub-agham siya!
2. Isang nagpapalaking kristal (magnifying glass): Hayaan ninyong matuklasan ng inyong anak ang mundo nang mas puspusan.
3. Isang supot ng kayamanan: Papagtipunin ninyo ang inyong anak ng mga bagay na nagpapawili sa kanya, halimbawa, mga kabibe, maliliit na bato, mga dahon at mga pakpak. Magpataan kayo ng lugar sa inyong bahay para maipapakita niya ang kanyang mga kayamanan o maitatago ang mga ito sa mga ispesyal na supot o kahon.



**Laro sa pagligo**

- Subukan ninyo kung lulutang o lulubog sa banyera (bath tub) ang mga magkakaibang bagay. Hulaan ninyo kung ano ang mangyayari, bago ninyo subukan ang mga ito. Tanungin ninyo ang inyong anak ng mga tanong gaya ng: *Bakit lumulutang ang ilang mga bagay at lumulubog ang mga iba?* at *Paano mo mapapalubog ang isang lumulutang na bagay at mapapalutang ang isang lumulubog na bagay?*
- Sabihin ninyo sa ang inyong anak na isipin kung saan nanggagaling ang tubig at kung saan ito pumupunta kapag pinapatulo ang banyera.
- Gumamit kayo ng mga lumang lalagyan para pumulandit ng hangin o tubig. Pisilin ninyo ang isang walang lamang lalagyan sa kamay ng inyong anak at itanong sa kanya kung ano ang kanyang nararamdaman. Punuin ninyo ng tubig ang isang lalagyan at sabihin sa inyong anak na magpapulandit ng tubig palabas. Subukan ninyong gawin ito sa ilalim ng tubig. Mag-eksperimento sa pamamagitan ng paggawa ng mga disenyo sa dingding.

**Sa gabi**

- Galugarin ang gabi sa pamagitan ng lente. Gumawa kayo ng mga anino sa dingding. Lumikha kayo ng isang kuwento sa pamamagitan ng mga aninong papet.
- Obserbahan ang langit sa gabi. Mamasyal kasama ng inyong anak sa hardin na walang lente at tanungin ang inyong anak ng mga tanong gaya ng: *Ano ang nakikita mo? Ano ang naririnig mo?* at *Ano kaya ang gumagawa ng mga tunog na iyon?*

Department of
**Education**

**Makakakita kayo nang higit pa mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pantahanang pag-aaral sa education.wa.edu.au.**

© Department of Education, Western Australia, 2015